Fukushima International Association

Taong 2014 Taglugas edisyon

# Gyro MAGKA-ISA Fukushima

～ Voices from Fukushima ～

Tatlong taon at pitong buwan na ang nakalilipas ng makanap ang napakalakas na lindol at ang sakuna sa planta ng daiichi nukleyar. Ang mga ginawang senter para sa mga nag-ibakwit ay paunti-unti na ring tinatanggal. At ang Tohoku central high way sa Soma ay kasalukuyang ginagawa. Maraming pagsisikap ang ginawa para makabangon sa sakunang naganap ngunit marami pa ring mga suliraning naiiwan at dapat tahakin.

Ang Asosasyon ng Fukushima pandaig-digan (FIA) ay naghanda ng libreng inpormasyon para sa sakunang naganap sa nukleyar ay ang Gairo at sa malakas na lindol ay ang Magka-isa Fukushima. Para ipaalam ang kasalukuyang kalagayan ng Fukushima, ang mga aktibidadis na inilulunsad ng Pandaig-digang Asosasyon ng Fukushima kasama na ang pangkat na aktibidadis at ipahayag ang tinig ng mga dayuhang naninirahan dito sa Fukushima.

※Ang orihinal na kopya ay puwede po ninyong idownload sa pamamagitan ng homepage ng Fukushima International Asociation.

## Fukushima Scenery

### Panunumpa para sa pandaig-digang tagumpay 「Fiesta para sa bayang kinalakihan」(lunsod ng Fukushima)

Noong Oktobre 4(Sabado) at 5 (Linggo) ang 「Fiesta para sa bayang kinalakhan 2014」 ay ginanap sa lunsod ng Fukushima Shiki no Sato. Na may layuning mapatatag ang pagkakaisa ng mga mamamayan sa prefektura ng Fukushima na ang gobyerno ang siyang punong abala para sa na nasabing ebento. Kinatatampukan ng mga etnikong tagapaghanghal sa buong lugar ng prefektura .Dinaluhan ng 20 pangkay para mag tanghal sa sa banggit na festival.

Sa umagang programa noong Oktobre 5 (Linggo) ang mga kabataan ng Date village ay nag palabas ng "Hiso no san shishimai", at ang mga kabataan naman ng Minami-Soma ay pagpalabas ng "Karasuzaki kodomo teodori" at "Shimomachi kodomo teodori". Nakatanggap sila ng malaking palakpak para sa mga manunuod.



Kuha ng mga kabataan ng Minami-Soma na nagtanghal ng "Karasuzaki kodomo teodori"

### Magkaroon ng karanasan sa pandaig-digang koneksyon (lunsod ng Aizu-wakamatsu)



Kuha ng batang panauhin na nakikipag-usap sa palitang estudyante na si Luca Reis Watanabe

Noong ika-4 ng Oktobre(Sabado) ang Fiesta para sa Pandaig-digang Palitan 2014 na ginanap sa Tsuruga-jo ay itinaguyod ng Pandaig-digang Asosasyon ng Aizu-wakamatsu. Ang ebento ay nagsagawa ng aportonidad para sa mga dayuhan at mga mamamayan na magkaroon ng komunikasyon para mapalalim ang kaalaman tungkol sa kanya kanyang kultura. Iba't-ibang organisasyon ng iba't- ibang bansa ay nagtayo ng kani-kanilang booth para ipakilala at ipaalam ang kanilang presensya sa prefektura. Ang FIA ay nagimbita ng dalawang palitang estudyante galing Brazil para tumao sa booth. At mag asikaso sa mga panauhin sa pamamagitan ng mga palaro at mga katanungan tungkol sa wikang Portuges at bansang Brazil na kanilang prinipara para sa nasabing okasyon. Sa ebento ding ito ang suporta para makabangon sa sakuna at ang inpormasyon center para sa mga turista ng Aizu-wakamatsu ay nag tayo din na kanilang booth. Ang pandaig-digang stage performances ay tinanghal na nagpasigla at nagpasaya sa mga manunuod.

## Sa madaling pananalita sa wika ng Hapon ang salitang "sakuna" ay ipahayag (lunsod ng Fukushima)


kuha kung ano ang ginagawa sa workshop

Noong ika-28 Septyembre (Linggo) ang EIWAN (Network para sa mga Kababaihan mga Immigrated sa Fukushima) ay naglunsad ng workshop na ang tema ay sakuna at pakikibagay at pakikisalamuha sa kapwa na may kapayapaan kahit na magkaka-iba ng kultura. Ginanap ang nasabing ebento sa Corasse Fukushima na dinaluhan ng mga mamamayan na intirisado sa banyagang pamumuhay, pag-iwas sa sakuna at boluntaryo ng wikang Hapones. Ang representate ng samahang "madaling wika hapon" na siyang tagapag-salita Mr. Masayoshi Nakaoka ay nagpahayag na kinakailangan nating bigyan ng impormasyon ang mga dayuhan kung gaano kagrade ang idudulot ng sakuna at kung ano ang dapat kaagad gawain base sa naganap na malakas na lindol sa Osaka noong Enero taong 1995 at sa naganap na malakas na lindol sa Silangang parte ng Hapon noong Marso taong 2011 sa Fukushima.

## Tinig ng mga naninirahan dito sa Fukushima

### Baz Muhammad (kasalukuyang nakatira dito sa Fukushima galing Pakistan)



Labing dalawang taon na ang nakalilipas ng ako ay tumira dito sa Fukushima. Nag tratrabaho ako sa kompanyang mangangalakal ng sekondamanong sasakyan na ipinadadala sa ibang lupain. Kamakailan lamang ay nag-umpisa akong magbenta ng mga audio at mga nabigasyon ng sasakyan. Dahil sa sobrang pagka-abala ko sa trabaho ay wala akong oras magpahinga,ngunit kahit na masyadong abala sa kasalukuyan ako at ang aking pamilya ay mapayapang nakapamumuhay ang higit sa lahat kung kaligayahan. Dati-rati namuhay ako na palaging ang malan ng isip ko ay "habang nabubuhay dito sa mundo ay maraming suliranin", ngunit sa tulong at suporta ng mga kapitbahay at mga taong nakapaligid sa akin naabot ko ang kinatatayuan ko ngayon at nagpapasalamat ako ng malaki sa kanila.

### Emma Wilson (kasalukuyang nakatira sa bayan ng Kawamata galing England)



Buhat noong taon ng 2010 buwan ng Septyembre ay sumali para sa isang taong programa ng palitang estudyante sa Unibersidad ng lunsod ng Hiroshima . Nang panahon ng bakasyon para sa tag-sibol ay pumunta ako ng Tokyo para mamasyal at doon ko naengkuwetro ang naganap nanapakalakas na lindol sa Silangang parte ng Hapon.
Ang naidulot na sindak ng araw na iyon ay hinding-hindi ko makakalimutan habang ako ay nabubuhay.Ngayong taon buwan ng Agosto, nag-umpisa akong magturo ng Englis bilang isang ALT sa elementaryang paaralan at junior high school sa bayan ng Kawamata .Sa kolehiyo ako ay nag-aral bilang isang dalubhasang linguwista, at sa trabaho ko ngayon bilang isang ALT pakiramdam ko ay malaki ang maitutulong nito sa akin para matutunan ko ang mga kawili-wiling bagay sa wikang Hapones at hinihiling ko na sa hinaharap ay magamit ko ang wikang Hapon sa aking trabaho.

**William Patrick Timms (kasalukuyang nakatira sa bayan ng Yamatsuri, galing sa England)**



Dumating ako dito sa Hapon noong nakaraang taon (2013) ng tagsibol at kasalukuyang naninirahan sa Yamatsuri. Bago pa ako pumunta dito ay alam kong maraming kaibahan sa aking bansa ang kultura at pamumuhay dito, ngunit nang matira na ako ay marami akong makabagong bagay na natutunan. Sa pamamagitan ng facebook ng kaibigan ko ay nalaman ko ang tungkol sa programang inilunasad ng FIA na 「Isang Pandaig-digang Proyekto」 at ako ay meyembro na nang nabanggit na proyekto.

## Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English,Intsik at Hapon.At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog,Koreano,at Portuges.

Unit :mikro sievert /oras

| Date Oras ng pagsukat | Fukushima City | Koriyama City | Shirakawa City | Aizu Wakamatsu City | Minami Aizu Town | Minami Soma City | Iwaki City |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| normal na halaga | 0.04 | 0.04-0.06 | 0.04-0.05 | 0.04-0.05 | 0.02-0.04 | 0.05 | 0.05-0.06 |
| 2014.10.25 9:00 | 0.24 | 0.14 | 0.10 | 0.07 | 0.05 | 0.12 | 0.07 |
| Measurement device | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP |
| Direksiyon at Distansiya from 1st power plant | Hilaga Kanluran About 63km | Kanluran About 58km | Timog Kanluran About 81km | Kanluran About 98km | Kanluran Timog Kanluran About 115km | Hilaga About 24km | Timog Timog Kanluran About 43km |

※Ang sukat ng halaga ng radyasyon sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office.Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

※Ang karaniwang halaga ng nabanggit na sukat ay galing sa resulta ng pagsisiyasat ng antas ng radyoaktibo noong taon ng 2009 (21 taon sa Heisei) sa loob ng Prefektura ng Fukushima.

## FIA Impormasyon

### ○Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

●Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon

●Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※Tuwing ika-apat atika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

**Telepono: 024-524-1316 (pribado)　E-mail：ask@worldvillage.org (pribado)**

**Publisher Fukushima International Association**
Address： Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103
TEL：024-524-1315　FAX：024-521-8308
E-mail：info@worldvillage.org　URL：http://www.worldvillage.org